

ASCENSION SOUTHEAST MICHIGAN

Ascension Providence Hospital, Ascension Providence Park Hospital, Ascension St. John Hospital, Ascension Macomb-Oakland Hospital (Warren and Madison Heights Campus), Ascension River District Hospital, at Ascension Brighton Center

Buod ng Financial Assistance Policy

Ang Ascension Southeast Michigan, kabilang ang mga ministro sa kalusugan na nakalista sa itaas, ay may pangako sa at gumagalang sa dignidad ng bawat tao na may espesyal na hiling na may kahirapan sa mga hadlang na ma-access ang mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan. Ang Ascension Southeast Michigan ay may parehong pangako na pamahalaan ang kanyang yaman sa pangangalaga sa kalusugan bilang serbisyo sa buong pamayanan. Sa pagpapalaganap ng mga prinsipyong ito, naglalaan ang Ascension Southeast Michigan ng tulong para sa ilang mga indibidwal na nakakukuha ng emerhensya o ibang kinakailangang pangangalagang medikal mula sa Ascension Southeast Michigan. Naglaan ang buod na ito ng maikling sulyap sa Financial Assistance Policy ng Ascension Southeast Michigan.

Sino ang Kwalipikado?

Maaari kang makakuha ng tulong pinansyal kung ikaw ay nakatira sa Lungsod ng Detroit, at sa mga bayan ng Wayne, Macomb, Oakland at St. Clair. Ang tulong pinansyal sa pangkalahatan ay tumutukoy sa iyong kabuuang kita ng tahanan kumpara sa Federal Poverty Level. Kung ang iyong kita ay mas mababa o kapantay sa 250% ng Federal Poverty Level, maaari kang makatanggap ng 100% charity care na diskwento sa mga bahagi ng singil na kung saan ikaw ang mananagot. Kung ang iyong kita ay lampas 250% ng Federal Poverty Level ngunit hindi lampas sa 400% ng Federal Poverty Level, maaari kang makatanggap ng diskwento sa rate na nasa sliding scale. Kung mayroon kang utang medikal para sa emerhensya at kinakailangang pangangalagang medikal na lampas sa iyong kita, maaaring kwalipikado ka para sa isang diskwento. Kung mayroon kang ari-arian na lampas sa 250% ng iyong Federal Poverty Level na halaga ng kita maaaring hindi ka kwalipikado para sa isang tulong pinansyal. Ang mga Pasyente na kwalipikado para sa tulong pinansyal ay hindi sisingilin nang lampas sa kwalipikadong pangangalaga kaysa sa halaga na pangkalahatang sinisingil sa mga pasyente na sakop ng paseguro.

Anong mga Serbisyo ang Sakop?

Ang Financial Assistance Policy ay ipinapatupad sa emerhensya at ibang kinakailangang pangangalagang medikal. Ang mga terminong ito ay pinakahulugan sa Financial Assistance Policy. Ang lahat ng ibang pangangalaga ay hindi sakop ng Financial Assistance Policy.

Paano Ako Makakapag-aplay?

Upang mag-aplay para sa tulong pinansyal, karaniwang kang kukumpleto ng isang nakasulat na aplikasyon at maglalaan ng mga dokumentong pangsuporta, bilang inilarawan sa Financial Assistance Policy at sa aplikasyon sa Financial Assistance Policy.

Paano Ako Makakukuha ng Aplikasyon?

Para sa tulong sa aplikasyon sa Financial Assistance Policy, maaari kang makipag-ugnayan sa Financial Counseling Department sa 1-866-501-3627, Opsyon 3.

Paano Ako Makakakuha ng Karagdagang Impormasyon?

Makakukuha ng mga kopya ng Financial Assistance Policy at application form ng Financial Assistance Policy sa <https://healthcare.ascension.org/Financial-Assistance/Michigan> at sa Main Registration offices sa mga lokasyon ng Ascension Michigan hospital. Maaari rin makuha ang mga libreng kopya ng Financial Assistance Policy at aplikasyon ng Financial Assistance Policy gamit ang pagliham nang nakasulat sa address na ipinapakita sa ibaba.

Makakukuha rin ng karagdagang impormasyon tungkol sa Financial Assistance Policy sa Main Registration o gamit ang telepono sa 1-866-501-3627, Opsyon 3.

Ascension St. John Hospital
Attn: Financial Counseling/FAP
22101 Moross Road Detroit, Michigan 48236

Paano Kung Hindi Ako Kwalipikado?

Kung hindi ka kwalipikado para sa isang tulong pinansyal sa ilalim ng Financial Assistance Policy, maaaring kwalipikado ka sa ibang uri ng tulong. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa mga lokasyon ng Ascension Southeast Michigan na kung saan natanggap mo ang serbisyo gamit ang telephone sa 1-866-501-3627, Opsyon 3.

Ang mga pagsasalin ng Financial Assistance Policy, ang aplikasyon at panuto ng Financial Assistance Policy, at itong payak na buod sa wika ay makukuha sa mga sumusunod na wika sa ating website at matapos hilingin:

Arabic, French, German, Gujarati, Hindi, Italian, Japanese, Korean, Polish, Russian, Serbo-Croatian, Spanish, Tagalog, Urdu, at Vietnamese